



## **Sinasagot ng Human Services Agency ang Inyong mga Tanong Tungkol sa “Public Charge” at ang Pakikisali sa mga Programa ng Pambublikong Benepisyo**

*Ang impormasyon na ito ay pangkasalukuyan mula sa ngayon Oktubre 10, 2018. Ang mga isinalin na bersyon ay makikita sa [SFHSA.org/ImmigrantBenefits](http://SFHSA.org/ImmigrantBenefits)*

Dahil sa anunsyo ng mga pederal na ahensya sa Washington, nagkaroon ng maraming bagong katanungan tungkol sa pakikisali sa mga programa sa pampublikong benepisyo na nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan at serbisyong pangsupta para sa pagkain, pera, pabahay, at iba pa para sa mga pamilyang imigrante.

Mula ngayon, ang patakaran sa pagiging kwalipikado para sa benepisyong pampublikong pagtulong ng California ay HINDI nagbago. Kung kwalipikado kayong tumanggap ng Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, cash at tulong sa pangangalaga ng bata, o In-Home Supportive Services (IHSS) ngayon, puwede pa rin tumanggap ng mga benepisyong na ito. Gusto naming kayong matulungan na ituloy ang pagtanggap ng tulong na kailangan mo at ng iyong pamilya.

---

### **Maapektuhan ba ang aking aplikasyon sa pagiging legal na permanenteng residente ang pagtanggap ng mga pampublikong benepisyong at pansuportang serbisyo?**

Sa ngayon, maaaring isaalang-alang ng mga opisyal ng imigrasyon ang pagtanggap ninyo ng suporta mula sa pangmatagalang serbisyong pangalaga ng Medi-Cal at programang pagtulong na cash (CalWORKs, CAAP and SSI) kapag nag-apply kayo para sa pagiging permanenteng residente – kilala rin bilang “green card”. Sa ilalim ng kasalukuyang patakaran, ang paggamit ng mga benepisyong hindi salapi (non-cash) katulad ng pangangalaga sa kalusugan (Medi-Cal), pagkain (Cal-Fresh), tulong sa pabahay, edukasyon, pagsasanay sa trabaho at serbisyo sa pangangalaga ng bata ay hindi gagamitin bilang hadlang sa sinumang nag-aapply para sa legal na permanenteng residente.

### **Ano ang ibig sabihin ng “public charge”?**

Ang “public charge” ay salita na ginagamit sa batas ng imigrasyon upang ilarawan ang isang tao na malamang na umaasa sa benepisyong gobyerno bilang pangunahing pinagkukunan ng suporta. Iminumungkahi ng pederal na gobyerno na palawakin ang mga pampublikong benepisyong na maaaring ikonsidera ng mga opisyal ng imigrasyon kapag may nag-aapply para sa green card na idagdag ang: CalFresh, Medi-Cal, Medicare na tulong sa resatang gamot (prescription drug subsidies), at mga programang pangtulong sa pabahay, kasama ang pampublikong pabahay at Section 8 Voucher. Hindi pa ipinapatupad ang mga pagbabago na ito, at maapektuhan lamang ang mga nasa loob ng Estados Unidos. (Iba ang patakaran kapag nag-apply kayo ng green card mula sa isang konsulado sa labas ng bansa.)

Ang minumungkahing alintuntunin ng public charge ay hindi maapektuhan ang mga taong kwalipikado sa mga serbisyo na nagbibigay ng kritikal na tulong para sa kalusugan, nutrisyon, WIC, pangangalaga sa bata, at pabahay. Tuluyan matatanggap ng mga kwalipikadong pamilya ang mga serbisyo na ito.

### **Kailan ba maaprubahan at magsisimula ang iminumungkahing alintuntunin ng public charge?**

Mula Oktubre 10, mayroong 60 araw ang publiko na magkomentaryo sa iminumungkahing alintuntunin bago ito ay magkabisado. Kakailanganin ng pederal na gobyerno ng dagdag na panahon para sagutin ang pampublikong komentaryo.

### **Maapektuhan ba ang lahat ng imigrante sa mga patakaran ng public charge?**

Hindi. Hindi maapektuhan ang mga humanitarian na imigrante katulad ng mga refugee o asylee pagdating sa patakaran ng public charge.

Mayroong mga libreng legal na payo na maaaring tumulong para maintindihan kung paano maaaring maapektuhan ang inyong status ng imigrasyon. Mangyaring tumawag sa **Bay Area Legal Aid Legal Advice Line sa (800) 551-5554 kung mayroon kayong katanungan tungkol sa public charge at pampublikong benepisyo. Mayroong suporta sa iba't ibang wika.**

**Mayroon akong narinig na maaari raw magbago ang pagkilala sa aking aplikasyon para maging citizen kung ako o ang aking pamilya ay gumamit ng kahit anumang programa sa pampublikong tulong. Totoo ba ito?**

Ang iminumungkahing patakaran sa public charge ay hindi angkop para sa mga aplikasyon para sa citizenship.

**Paano kung hindi ako ang tumataggap ng benepisyo pero ginagamit ito ng mga anak ko? Maapektuhan ba ang aplikasyon ko para sa green card o change of status kung tumatanggap sila ng benepisyo?**

Hindi. Sabi ng iminumungkahing patakaran na ang pederal na gobyerno ay maaaring ikonsidera ang pampublikong benepisyo na ginagamit ng imigrante na nag-aapply na baguhin ang kanilang status, hindi sila maapektuhan kung tumatanggap ng pampublikong benepisyo ang miyembro ng kanilang pamilya.

**Kung ang iminumungkahing alintuntunin ay maging final, maaari bang kilalanin ng opisyal ng imigrasyon ang mga non-cash benepisyo na dating ginamit ng isang tao?**

Kahit na maaprubahan ang public charge, ang pagtanggap ng CalFresh, Medi-Cal o tulong sa pampublikong pabahay bago isagawa ang patakaran ay HINDI gagamitin laban sa sinumang mag-aapply ng green card.

**Naghahanda ba ang Human Services Agency para sa anumang pagbabago?**

Masusi naming sinusubaybayan ang lahat ng pagbabago ng iminumungkahing patakaran. Aabisuhan kayo ng HSA kung magkakaroon ng anumang pagbabago, kabilang dito ang abiso ng huling pagtanggap ng patakaran at kahit anumang pagbabago sa kahulugan ng public charge.

**Nababahala ako sa pagkapribado ng aking impormasyon. Paano ginagamit ng Human Services Agency ang binigay na impormasyon tungkol sa akin o sa aking pamilya?**

Hindi ginagamit ng pamahalaang pederal ang aming mga sistema para sa pagpapatupad ng mga batas ng imigrasyon. Ginagamit lamang ng HSA ang impormasyon na ibinigay ninyo upang malaman kung maaari kayong makatanggap ng mga benepisyo. Maaaring kailanganin naming patunayan ang impormasyon na ibinahagi ninyo sa isang aplikasyon mula sa pamahalaang pederal, ngunit ito ay para lamang kumpirmahin ang inyong kuwalipikasyon na makatanggap ng mga serbisyo.

**Tatanggalin ba ang aking impormasyon mula sa sistema ng California kung itigil ko ang pagtanggap ng mga benepisyo?**

Hindi. May record/talaan ng inyong lumang kaso ang mga lokal at estadong sistema, kaya patuloy naming mahahawakan ang inyong impormasyon sa aming file. Ang pagtigil sa pagtanggap ng mga benepisyo ay magresulta sa pagkawala ng kritikal na mahalagang pangangalaga sa kalusugan, tulong sa pera at pagkain, pero hindi ito mabubura sa kasalukuyang record/talaan.

**Mayroon pa rin akong mga tanong tungkol sa paglahok ko sa mga programa sa pampublikong benepisyo at kung maapektuhan nito ang aking kalagayan sa imigrasyon o pagkamamayan (citizenship). Maaari ba akong makahingi ng tulong sa inyo?**

Hindi maaaring magbigay ang HSA ng legal na tulong na partikular sa inyo at sa inyong pamilya. Maaaring makakuha ng libreng tulong. Hinihikayat namin kayong humingi ng tulong mula sa isang kagalang-galang na non-profit provider ng serbisyo sa imigrasyon.

**Para sa dagdag na katanungan tungkol sa pampublikong benepisyo o public charge, tumawag lamang sa Bay Area Legal Aid Legal Advice Line: (800) 551-5554.**

Humanap ng libreng legal na serbisyo sa imigrasyon na nakabase sa komunidad: [immigrants.sfgov.org](http://immigrants.sfgov.org)

**Mayroong suporta sa wikang: Espanyol, Tsino, Ruso, Filipino at Vietnamese.**